



*Editoryal*


# Pamunuan ang nabubuong nagkakaisang prenteng anti-Arroyo!

**L**along sumisiklab ang galit ng mamamayan sa sunud-sunod na mga hakbang at patakaran ni Gloria Macapagal-Arroyo na walang anumang pagsasaalang-alang sa kanilang kagalingan. Dahil sa ibayong pahirap na dala

ng mga ito, si Arroyo na mismo ang nag-uudyok sa mamamayan na kumilos upang patalsikin siya sa poder.

Pinakagalit sa rehimeng Arroyo ang mga manggagawa at magsasaka. Malaki rin ang galit dito ng mga nasa panggitnang saray ng lipunan tulad ng mga estudyante, guro, kawani ng gubeyerno at propesyunal dahil sa malawakang korapsyon ng rehimeng Arroyo at dahil hindi na sila makaagapay sa tindi ng krisis panlipunan.

Matindi ang takot ni Arroyo sa pagbubuo ng malawak na nagkakaisang prente na maninindigan laban sa kanyang rehimen. Kaya wala patid ang pagsisikap niyang hatiin ang oposisyong pulitikal sa pamamagitan ng mga lihim na pakikipagkason at pag-aalok ng mga pwестo sa burukrasya. Nahihirapang magkaisa ang watak-watak na pakpsyong anti-Arroyo dahil na rin sa hinala ng isa't isa na lihim na nakikipag-areglo sa Malakanyang ang kanilang mga kapwa reaksyunaryong oposisyonista. Lubusan ding inaalagaan ni Arroyo ang mga heneral sa AFP at PNP kaya



**Mga tampok sa isyung ito...**

**Rebolusyonaryong pagsulong sa Quezon**  
PAHINA 4

**Kalagayan sa mga tubuhan ng Batangas**  
PAHINA 6

**US Armed Forces, nakaunipormeng halimaw**  
PAHINA 8

tiwala siyang ang katapatan ng mga ito ay makauudlot sa anumang tangkang pag-aalsa o kudeta.

Hindi magmumula sa elitistang oposisyong anti-Arroyo ang pwersa at pamumunong kinakailangan para patalsikin ang rehimeng Arroyo. Ang malawak na alyansang magpapatsik kay Arroyo ay uusbong, hindi mula sa pagsisikap ng mga elitistang pulitiko, kundi mula sa pagbulwak ng malawak na kilusang protesta ng mamamayan.

Ang malawak na hanay ng mga pwersang anti-Arroyo ay mapapagisa sa pamamagitan lamang ng pagsisikap ng mga organisasyong masang pambansa-demokrata na nasa gulugod ng kilusang protestang anti-Arroyo. Sila ang pinakamilitante at pinakamatatag sa paglaban sa tiwali, anti-mamamayan at papet na rehimeng Arroyo. Mayroon silang malawak na impluwensya at taglay nila ang kakayahang pagkaisahin ang iba't ibang sektor, grupo at partido tungo sa pagbubo ng malawak na alyansang anti-Arroyo.


Napakalalim ng batayan para magbuklod ang mamamayan sa isang malawak na prenteng anti-

Arroyo at maglunsad ng makapangyarihang daluyong ng protesta na magpapatsik sa rehimeng Arroyo.

Nitong Enero, panibagong serye ng mga pahirap ang hatid ng rehimeng Arroyo sa mamamayan na ibayo nilang ikinagagalit:

Iniutos ng rehimeng Arroyo sa pamamagitan ng Department of Labor and Employment ang pagtatanggal sa trabaho ng 35 lider ng Central Azucarera de Tarlac (CAT) Labor Union alinsunod sa kagustuhan ng pamilyang Cojuangco na durugin ang unyon at maglunsad ng ganting-salakay sa mga welgista. Napatunayang hungkag ang postura ng rehimeng Arroyo bilang tagapamagitan nang gamitin nito ang buong bigat ng mga anti-manggagawang batas upang ideklarang iligal ang welga. Ibinasura rin nito ang mahigpit na kahilingan ng mga manggagawa para sa ₱100 pagtaas sa arawang sahod at sa halip ay nag-utos ng nakaiinsultong ₱12 dagdag sa sahod.

Lalo nitong pag-aalabin ang damdamin ng mga manggagawa ng CAT upang ipagpatuloy ang kanilang welga. Makaani rin sila ng mas malawak na simpatya at suporta para sa kanilang pakikibaka.



Lubos na itinutulak ng rehimeng Arroyo ang 20% pagtataas sa *value added tax* (VAT), bukod sa iba pang anti-mamamayang hakbangin sa pagbubuwis bilang pagsunod sa mga dikta ng International Monetary Fund at iba pang dayuhang pinagkautangan. Magreresulta lamang ito ng ibayong pagtaas ng presyo ng mga bilihin at serbisyos. Samantala, patuloy na binibigyang-prayoridad ng gobyerno ang gastos-militar at pagbabayad ng pasaning utang—bagay na magdudulot ng lalong pagkabulok ng mga serbisyong publiko.

Kasabay nito'y hinaharang ang pagpapasa sa ₱125 dagdag na sahod. Malinaw na itinataguyod ng rehimeng Arroyo ang interes ng mga dayuhang malalaking kapitalista sa kapahamakan ng mamamayang Pilipino.

Ibayong ginigipit ng rehimeng Arroyo ang mga komunidad ng Moro sa Metro Manila at iba pang mga lugar sa kasabikan nitong itulak ang kampanya umano laban sa mga terorista. Naghasik ito ng la-

# ANG Bayan

Taon XXXVI Blg. 2

Enero 21, 2005

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wika ng Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.org](http://www.philippinerevolution.org)

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Nilalaman

<b>Editoryal</b>	<b>1</b>
Mga buladas ni Arroyo	3
Col. Sebastian, pinarushaan	4
Pagsulong sa Quezon	4
Pulang pagdiriwang	5
Kalagayan sa mga tubuhan ng Batangas	6
US Armed Forces, halimaw	8
Pasistang kontratista	9
Paghahanap ng WMD, itinigil na ng US	10
Karamihan ng mga Amerikano, tutol sa gera sa Iraq	10
<b>Matatagumpay na TO</b>	<b>11</b>
<b>Balita</b>	<b>11</b>

gim at niyurakan ang mga sibil at pampolitikang karapatan ng mama-mayang Moro nang arestuhin nang walang mandamyento ang 17 residente ng mga komunidad ng Moro sa Maynila at sampahan sila ng gawa-gawang kaso kaugnay ng diumanong plano na bombahin ang prusisyon sa pista ng Quiapo nitong Enero 9.

Nilaloyon ng gubyernong Arroyo na hatiin ang mamamayang Pilipino at Moro sa pamamagitan ng sadyang pag-uudyok ng diskriminasyon sa relihiyon, kultura at pulitika laban sa mga Moro. Subalit hindi mapigilan ni Arroyo ang humihigit na pagkakaisa ng mamama-

yang Pilipino at Moro na kapwa nakakikita sa pangangailangang harapin ang komun na kaaway—ang mapang-aping gubyernong Arroyo.

Ang sunud-sunod na anti-mamayang mga hakbanging ito ay dagdag lamang sa humahabang listahan ng mga krimen ng rehimeng Arroyo laban sa mamamayang Pilipino. Walang awat ang pagtataas sa presyo ng langis at iba pang pangunahing bilihin, mas malala ang burukratikong korapsyon mula sa matataas na upisyal-militar hanggang sa angkang Arroyo, binabawasan ang gastusing panlipunan at hinahayaang mangabulok ang mga

serbisyon, ipinapako sa napakababang antas ang sahod at sweldo, ipinagkakait ang tunay na reforma sa lupa, mas matindi ang militarismo at walang katulad ang pagsidhi ng mga paglabag sa karapatang-tao.

Hinog na hinog na ang kalagayan upang mabigyang-direksyon ang malawakang galit ng mamayan. Responsibilidad ng mga pambansa-demokratikong pwersa na pamunuan ang pakikipaglaban ng sambayanang Pilipino at pagkaisahan ang pinakamalawak na posibleng hanay ng mga pwersa para patalsikin ang kinamumuhiang rehimeng Arroyo.

AB

## Mga buladas ni Arroyo

**S**inungaling. Mambobola. Ala-Imelda Marcos, pilit na pinagaganda ni Arroyo ang kalunus-lunos na katayuan ng ekonomya ng Pilipinas. Sa nakaraang mga araw, sunud-sunod ang kanyang mga deklarasyong hindi naghihirap ang sambayanang. Anu-ano pa kayang mga pang-iinsulto ang maibabato ni Gloria Arroyo sa ibayong nagugutom at naghihikahos na mamamayang Pilipino?

"Bibili ka ba ng *cellcard* kung di ka pa nakabibili ng bigas?," ani Arroyo. Ito ang kanyang patutsada sa mamayan kaugnay sa nababalitang paglaki ng kantidad ng nainom na *beer* at *gin* at ng biniling *pre-paid cellular phone card* sa Pilipinas noong 2004. Batay ito sa lumaking benta ng San Miguel, Smart at Globe at sa isang hiwalay na sarbey na isinagawa ng AC Nielsen tungkol sa padron ng konsumo sa Pilipinas. Kahiya-hiya sa isang nagmalaking "ekonomista" na palabasing ang isang listahan ng pinakamabentang mga produkto sa isang takdang panahon ay sukatang tunay na katayuan ng nakararaming mamayan.

"Hindi naman pala ganoon kasama." Ito ang sini-nabi ni Arroyo sa larawan ng malawakang disemple-

yo sa Pilipinas matapos baguhin ng katulad niyang mga "ekonomista" ang batayang depinisyon ng kawalan ng trabaho. Ayon sa kanilang salamangka, yaong mga hindi naghahanap ng trabaho (kabilang ang milyun-milyong kababaihang nananatili sa bahay) ay hindi dapat ituring na walang trabaho.

Sa isang iglap, nabawasan ng 1.2 milyong ang mga walang trabaho!

Sa buwang ito, binayaran ni Arroyo ang Social Weather Station upang palabasing nabawasan na ang bilang ng Pilipinong nagugutom. Mananatiling misteryo na lamang sa milyun-milyong pamilyang nagpapakasapat sa isang supot ng *instant noodles* tuwing kainan kung saang lupalop niya hinugot ang ganitong kongklusyon.

Napakatapang ng apog ni Arroyo na mangalandakang "maluho" at "hindi naman pala naghihirap" ang mamamayang Pilipino samantalang sa ilalim ng kanyang rehimen sumirit ang presyo ng pagkain, mga serbisyo at mga produkto ng petrolyo—habang pilit pinagkakasya ang mga manggagawa at magsasaka sa mga mumo mula sa hapag ng bundat na mga burukratang mangungurakot at mapagsamantala.

AB



# Col. Sebastian, pusakal na pasista at *war criminal*, pinarusahan ng BHB

**I**sinakutuparan ng Ulpiano Anareta Jr. Command ng BHB ang parusang kamatayan sa *war criminal* na si Ret. Col. Eduardo Sebastian, 61, nitong Enero 12 sa Barangay Kanlurang Mayao, Lucena City.

Pinarusahan si Sebastian dahil sa kanyang mabigat na krimen at mga paglabag sa karapatang-tao ng mamamayan. Kabilang siya sa kilalang mga mama-matay-tao ng diktadurang Marcos. Bilang pinuno ng AFP Southern Luzon Military Intelligence Group (MIG), pangunahin siyang responsable sa maramihang pang-aaresto, panonortyur, pananalbeyds at pagdukot sa malaking bilang ng mga aktibista sa ilalim ng batas militar noong dekada 1970 hanggang dekada 1980.

Si Sebastian ay personal na responsable sa pagaresto, pagtortyur at halinhinang paggahasa kay Adora Faye de Vera noong 1976-1977. Ginawang *sex slave* ni Sebastian si de Vera sa loob ng ilang buwan bago ito nakalaya noong 1977.

Sangkot din si Sebastian sa pagkawala nina Rizalina Ilagan, Cristina Catalla at Erwin dela Torre mula Hulyo hanggang Agosto 1977. Gayundin, responsable

si Sebastian sa pagkawala nina Modesto "Bong" Sison, Leticia Pascual Ladlad, Jessica Sales at Reynaldo Cruz.

Ayon kay Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang pagparusa kay Sebastian ay bahagi ng nagpapatuloy na pagsikap ng rebolusyonaryong kilusan na mabigyan ng hustisa ang mga biktima ng pasistang diktadurang Marcos.


Si Sebastian ay naging upisyal ng dating Philippine Constabulary-Integrated National Police na nakatalaga sa *intelligence unit* ng Southern Luzon Command sa ilalim ni Gen. Alejandro Galido. Naging *provincial director* siya ng pulisia ng Oriental Mindoro noong 1995-1996 at ng Quezon noong 1996-1997 bago siya nagretiro. AB



## Rebolusyonaryong pagsulong sa Quezon

**D**i mapigilan ang pagdami ng mamamayang nagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa rehiyon ng Timog Katagalugan sa pangkalahatan at sa prubinsya ng Quezon sa partikular. Ito ang pahayag ng kalihim ng Partido sa Quezon nang kapanayamin siya ng AB noong Disyembre 28, 2004.

Lumaki ang bilang ng organisating masa nang mahigit 10% at ang mga saligang organisasyong masa nang mahigit 8%. Masigla ang mga ito sa pag-aaral ng iba't ibang isyung panlipunan. Patuloy ang pagtatayo ng mga samahang masa sa mas masaklaw na erya at ang paghahanda sa ilang mahalagang rekisito para sa pagtatayo ng mga organo ng kapangyarihang pampolitika. Tuluy-tuloy na isinusulong ang rebolusyonaryong agraryo.



Napababa ang resikada at sa ibang lugar ay nakayanang tanggalin ito nang lubusan. Gayunman, nanan-

tiling mapagbantay ang mamamayan sa mga maniobra ng mga komersyante na ibalik ang resikada sa

pamamagitan ng iba't ibang paraan tulad ng napakababang pagpresyo ng binibiling kopra. Nagtagumpay din sa ibang lugar ang mga pakikibaka para itaas ang sahod ng mga manggagawang bukid, pagpapataas sa presyo ng produktong bukid, pagbabago ng partihan, pagtanggol sa karapatan sa paninirikan at pagtutol sa pangangamkam sa lupa at pagbubukas ng *landfill* at iba pa.

Ginamit ang sarisaring porma ng pakikibaka, ligal at iligal, tulad ng mga kampung bayan, dayalogo, rali, negosasyon at iba pang mga kilos protesta. Umunlad ang pag-ugnay at pag-oorganisa sa mga panggitnang pwersa, propesyunal, indibidwal na pulitiko at iba pang matataas na saray ng lipunan.

Matatag na hinaraap ang walang tigil na operasyon ng kaaway na may layuning durugin ang baseng masa. Naglunsad ng mga operasyong isparo, isnayping at reyd laban sa mga pasistang tropa. Sa mga larangang gerilya sa Northern at Central Quezon, nakapaglunsad ng 18 taktikal na opensiba. Labingwalong tropa ng kaaway ang nalipol at 10 ang nasugatan.

Ipinakita ang pagging epektibo ng saligang pormasyong platun sa paggaman ng gawain at pagharap sa kaaway.

Masigasig na nagrerekrut at nagpapaunlad ng mga bagong mandirigma ng BHB para bumalikat ng paparaming responsibilidad sa pagsusulong ng armadong pakikibaka. Patuloy na nagpapakahusay ang BHB sa pagbubuo ng maayos na pulitikal na relasyon sa pagitan ng mga upisyal at mandirigma, pag-alam sa kalagayan at pagtugon sa kanilang mga pangangailangan at pagbibigay sa kanila ng mga pulitiko-militar na pagsasaway.

Lumalakas at lumalawak ang kasapihan ng Partido sa prubinsya. Lumaki noong 2004 nang mahigit

## Pulang pagdiriwang

**D**isyembre 2004 sa isang hawan na lugar sa mga bundok ng Sierra Madre, nagtipon ang mahigit 1,200 kasapi ng Partido, hukbong bayan, mga kasapi ng mga samahang masa sa kanayunan, mga manggagawa, estudyante, mangingisda, pambansang minorya at iba pa upang ipagdiwang ang ika-36 na anibersaryo ng pagkakatataug ng Partido. Sa paligid ng lugar, ang bandila ng Partido, NDFP at BHB ay nakawagayway sa dulo ng nakatirik na mahahabang kawayan. Sa isang gilid, nakaukit sa lupa ang maso't karet. Tinirikan ito ng maliliit na bandila ng Partido na nagsisimbolo sa bawat martir na nag-alay ng buhay sa rebolusyon. Sa kabilang gilid, nakatayo ang eskultura ng maso't karit na gawa sa baging at mga dahon ng anahaw. Itinali ito sa tatlong malalaking sanga at pumapailalang sa taas na sampung talampakan.

"Buong lakas na patatagin ang base ng rebolusyon. Buong gititing na paigtingin ang armadong paglaban ng mamamayan. Mag-punyagi sa lahatang panig na pagsulong."

Ito ang panawagan ng Komite ng Partido sa prubinsya ng Quezon sa pagdiriwang nito ng ika-36 na anibersaryo ng pagkakatataug ng Partido. Sa kabilang malakas na pagbuhos ng ulan, naging mataas ang diwa ng mga nagsipagdalo sa pagbubunyi sa Partido bilang namumunong pwersa sa rebolusyon Pilipino.

Nakapalibot ang mamamayan sa lugar na itinakdang entablado habang nagsipagtanghal ang mga Pulang mandirigma. Gamit ang malaking trompa, ipinadagundong nila ang kanilang matatatag at militanteng mga boses sa espesyal na araw na ito. Tampok sa pagdiriwang ang mga malikhaing kultural na pagtatanghal tulad ng awit/galaw, sayaw, mima, dula, tula at mural na nagpakita ng buhay at pakikibaka sa rebolusyon. Kinagiliwan ng lahat ang mga palabas na bumatikos at naglantad sa kabulukan ng estado at naghaharing uri.

Nagpahayag ng pagkakaisa ang iba't ibang sektor sa naging papel ng Partido sa patuloy na paglawak at paglalim ng suporta sa rebolusyonaryong kilusan mula sa pinakamalawak na masang inaapi at pinagsasamantalahan. Inilahad ang pambansang kalagayan na nagpaliwanag sa paglubha ng krisis at pagsasamantala ng naghaharing uri sa kasalukuyan.

Pinarangalan ang mga martir at bayaning nag-alay ng kanilang buhay para sa bayan at ipinagbunyi ang kanilang sakripisyo at ambag sa rebolusyon. Ibinahagi ang mga importanteng aral at tagumpay ng Partido sa taong 2004 sa prubinsya. AB

8% ang kasapihan ng Partido mula sa dati nitong bilang noong 2003 at dumami ang bagong tayong sangay sa lokalidad nang 7%. Nakalatag naman ang mga sangay na ito sa humigit-kumulang 200 baryo, komunidad, pabrika, asyenda at eskwelahan na nagsisilbing bag-as

at namumuno sa mga pakikibakang masa sa kanayunan at kalunsuran.

Tuluy-tuloy at lahatang-panig na nagpapakahusay ang mga kasa-ma rito sa harap ng papatinding militarisasyon at pandarahas ng kaaway. Batid nila na kailangang laging maghanda sa anumang ma-

bagsik at marahas na tangka ng kaaway at estado na desperadong nag-aambisyong durugin ang rebolusyonaryong kilusan.

Nakikinita ng Partido sa rehiyon na ipipihit ng kaaway ang diin ng mga operasyon nito mula sa Mindoro at Laguna tungo sa Quezon at ang ibayo pang pagpapatindi ng antas ng digmaan. Dahil dito, nag-iibayo ang pangangailangang lubusang palalimin at palawakin ang baseng masa at paigtingin ang armadong pakikibaka. Sa partikular, dapat lalo pang mapasigla at masustine ang pagsusulong ng rebolusyonaryo na susing usapin sa pagpapalakas at pagpapatatag ng baseng masa sa kanayunan. Hangad ring maiangt ang kasalukuyang antas ng mga saligang organisasyong masa at patuloy na mabuo at makonsolida ang mga samahang masa at organo ng kapangyarihang pampolitika.

Lalong mahigpit na tungkulin ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba at ang pagsisikap na magtagumpay ang mga ito sa pulitika at militar. Mahigpit ang kahilingan ng masa na makapagdulot ng malalaking bigwas sa kaaway. Para matugunan ito, kailangang bakahin ang mga bahid ng konserbatismo sa gawaing militar. Marami pang mga lugar ang kailangang pakatan, mapunuan at mapalakas ang mga yunit at makinarya ng BHB. Maraming bilang ng mga bagong Pulang mandirigma ang dapat kagyat na bigyan ng pulitiko-militar na pagsasanay at pataasin ang antas sa taktika at teknika.

Sa paggampan ng gayong mga tungkulin, tinatanaw ng Komite ng Partido sa prubinsya ang kabuuang pagsulong ng rebolusyonaryong gawain ngayong 2005. **AB**

# Kalagayan ng mga magbubukid at manggagawang bukid sa mga tubuhan ng Batangas



**I**sa sa pangunahing produktong agrikultural ng Batangas ang asukal. Produkto ito ng 26 sa 32 bayan at syudad ng prubinsya. Noong 2000, ang mga bayan ng Tuy, Calaca, Nasugbu, Balayan at Lemery ang may pinakamalalawak na tubuhan.

Matatagpuan sa Batangas ang Central Azucarera de Don Pedro o CADP at ang Batangas Sugar Central Inc. (BSCI), dalawang malalaking gilingan ng tubo at pabrika ng asukal. Ang CADP ay pumapangatlo sa Victorias Milling Corporation sa Negros Occidental at BUSCO ng Budidnon sa usapin ng kabuuang produksyon ng asukal sa buong bansa. Ang pinagsamang produksyon ng CADP at BSCI ay katumbas ng 53% ng buong produksyon ng asukal sa buong Luzon.

Katulad ng kalagayan sa iba pang mayor na mga tubuhan sa Pilipinas, ang mga tubuhan sa Ba-

tangas ay kinokontrol ng iilang pamilya lamang. Batay sa talaan ng reaksyunaryong gubyerno, 16 na pamilya at korporasyon ang nagmamay-ari sa mahigit 26,000 ekktaryang tubuhan dito. Tinatayang mahigit 63,000 manggagawang bukid ang ineempreyo ng mga tubuhang ito para sa kani-kanilang operasyon. Ang mga regular na manggagawang bukid ay yaong matatagpuan sa malalawak na plantasyon ng tubo at tumatanggap ng regular na buwanang sahod. Ang mga pana-panahong manggagawang bukid ay matatagpuan sa mga lupaing nakapailalim sa mga sistemang asyenda, mga nakasanlang lupa at kung saan man sila kinakailangan.

Di hamak na mas makitid ang saklaw ng maliliit na magtutubo. Mahigit lamang 10,000 ekktarya ang pag-aari ng mahigit 9,000 maliliit na magtutubo (isa o isa't ka-

lahating ekarya lamang ang pag-aari ng bawat isa). Mas laganap kumpara rito ang sistemang kasamá at buwisan na sumasaklaw sa mahigit 18,000 ekarya. Bumibilang ng mahigit 15,000 ang mga kasamá. Sa mga lupaing ito, mahigpit na ipinagbabawal ang pagtatanim ng anumang produkto liban sa tubo.

**Di makatarungang sistema ng partihan, mataas na gastos sa produksyon.** Habang tumitindi ang krisis na dinaranas ng ekonya ng bansa, at ng industriya ng asukal sa partikular, lalo ring tumitindi ang kahirapan at pagsasamantalang pyudal at malapyudal na dinaranas nila.

Ang karaniwang partihan ay 50-50 sa gastos sa ilang bahagi ng produksyon at kita mula sa kabuuang nabentang tonelada ng tubo. Hindi isinasama sa kwenta ang halaga ng paggawa na binabalikat ng mga magsasaka.

Sa sistemang 50-50, laging agrabyado ang kasamá. Ang gastos sa pagbubungkal ng lupa o paghanda ng lupa, ay solong isinasa-balikat ng kasamá. Maging sa gastos sa pag-aararo, paggagamas at pag-aalaga ay walang parte ang panginoong maylupa. Karaniwang naghahati lamang ang panginoong maylupa at kasamá sa gastos sa abono at pag-aní.

Ang kawalan ng lupa at di makatarungang partihan ay lalong pinalalala ng mataas na gastos sa produksyon tulad ng sa abono. Isang malaking salik sa pagtaas ng gastos sa produksyon ng mga mag-tutubo ang kawalan ng subsidyo ng gubyerno. Halimbawa, nang tanggalin ng gubyerno ang subsidyo nito sa abono, dumoble ang presyo nito.

Umaabot sa mahigit 58% ng kabuuang kita kada ekarya ang napupunta sa gastos sa produksyon. Ibabawas pa sa maiiwan ang bahagi ng panginoong may-

lupa.

Higit pang tumaas ang gastos sa produksyon ng magsasaka sa panahon ng liberalisasyon ng agrikultura ng bansa dahil sa tuluy-tuloy na pagtaas ng halaga ng mga abono at pestisido.

**Mataas na interes sa pautang at ang rekonsentrasyon ng lupa.** Dahil sa gipit na kalagayan, napi-pilitang umutang ang mga kasamá sa mga panginoong maylupa, usurero, komersyante at bangko sa kabilang mataas na interes. Napuwersa silang isanla o iaryendo ang kanilang lupa.

May dalawang klase ng aryendo. Sa unang klase, ang tubuhan ay pangangasiwaan ng usurero sa loob ng napakasunduang panahon. Halimbawa, sa inutang na ₱20,000 ng magsasaka, tatlong gilingan nitong ipauubaya sa usurero ang kanyang tubuhan at lahat ng kita mula rito. Sa ikalawang klase namang aryendo, hindi ibabalik sa magsasaka ang kanyang lupa hangga't di nito naisasauli sa usurero ang inutang na halaga.

Laganap ang sistemang ito sa mga tubuhang saklaw ng huwad na Comprehensive Agrarian Reform Law (CARL) ng reaksyunaryong estado sa Nasugbu, Batangas na bahagi ng malawak na lupain ng pamilyang Roxas.

Sa mga bahaging naipamahagi na ang lupa sa mga manggagawang bukid at mga kasamá sa ilalim ng huwad na CARL, epektibong naga-mit ang usura bilang kasangkapan ng malalaking panginoong maylupa para muling mapasakanila ang

lupa.

Isang halimbawa nito ang kaso ng mga manggagawang bukid sa Hacienda Banilad, bahagi ng mga lupain ng pamilyang Roxas, na napagkalooban ng lupain sa ilalim ng CARL. Dahil sa pagkakautang, 70% ng mga naipamahagi nang lupain ay naibalik muli sa kontrol ng pamilyang Roxas. Mahigit kalahati nito ay nasa anyo ng mga ipinambayad na CLOA ng mga kasamá, at ang iba pa ay nasa ilalim ng sistemang aryendo.

**Mababang sahod at iba pang pagsasamantala at pang-aalipin sa mga manggagawang bukid sa tubuhan.** Napakababa ng sahod ng mga manggagawang bukid sa mga tubuhan. Walang natatanggap na anumang benepisyo ang mga regular na manggagawang bukid sa mga asyenda. Ito'y kahit regular na kinakaltasan ang kanilang sahod ng ₱98 bawat araw para diumano sa mga benepisyo at bonus.

Ang tagaalaga ng mga lupang nakaaryendo ay sinasahuran ng ₱100 bawat araw. Ang upa sa pag-aararo ay ₱250-₱260 bawat araw at sa pagtataad ay ₱0.30 bawat taad (pananim na tubo) o ₱300 sa isang libo o laksa.

Sa mga pumapailalim sa sistemang kapatas (kilala rin bilang sistemang kabó), yaong mga bumibilang ng 10 tao pataas bawat kupon o pangkat ay sumisingil sa panginoong maylupa ng ₱130-140 bawat tonelada. Subalit ang ipinapasa lamang ng kapatas sa kanyang kupon ay ₱120-₱135 bawat tonelada. Kaya sa bawat

---

## **Sa mga bahaging naipamahagi na ang lupa sa mga manggagawang bukid at mga kasamá sa ilalim ng huwad na CARL, epektibong nagamit ang usura bilang kasangkapan ng malalaking panginoong maylupa para muling mapasakanila ang lupa.**

---

tonelada ng kupon, kumikita ang kapatas ng ₱5.00 hanggang ₱10.00.

Ang malalaking kapatas naman ay nagpapasahod sa mga dayo mula sa ibang prubinsya ng ₱60-₱100 bawat tonelada, samantalang ang kanyang singil o kontrata sa may lupa ay ₱140 bawat tonelada. Sa ganitong kalagayan, kumikita ng ₱60 hanggang ₱80 bawat tonelada ang kapatas.

Bukod sa sobrang kababaan ng kanilang sahod, karaniwang umaabot ng dalawang linggo bago ito matanggap ng mga dayong manggagawang bukid. May mga pagkakataong umaabot nang ilang buwan bago magkakwentahan at malaman ang halaga ng kikitain ng dayo.

Sa ganitong kalagayan, ang mga dayo ay bumabale sa puno ng kupon o sa kapatas upang matugunan ang pangangailan sa bawat araw. Kung sila ay lokal o dayo na nasa pamumuno ng kapatas, kadalasan ay nadadaya pa sila sa kwentahan. Lumalabas pa kung minsan na may utang o labis ang kanilang nabale.

Mas malala pa ang nararansang pambubusabos ng kababaihan at kabataang manggagawang bukid. Ang kababaihan ang karaniwang gumagampan ng pananaad kung saan binabayaran sila ng ₱120 bawat 1,000 taad. Sa paggagamas at paghalabas o pagputol ng tubo, ₱120-150 ang karaniwang sahod sa kanila at ₱100 naman kung may pakain. Ang kabataan na karaniwang nasa Grade 5 hanggang Grade 6 o edad 10 hanggang 12 ay binabayaran nang pakyawan ng ₱200 bawat parselang kanilang nililinis (lawo). Karaniwan, ang bayad sa paglilinis ay ₱120 lamang bawat araw, na paghahatian pa ng mga bata.

AB

## US Armed Forces, nakaunipormeng halimaw

**P**aramg hayop ang pagtrato ng mga tropa ng US Armed Forces sa mga bilanggo ng Abu Ghraib Prison sa Iraq. Sa base militar nito sa Guantanamo, Cuba, itinayo ng US ang Camp Xray, internasyunal na bilangguan para sa inaakusang nitong mga "terorista." Mahigit nang dalawang taong nakabimbin doon ang mahigit 600 preso mula sa may 40 bansa kahit walang malinaw na kasong naka-sampa sa kanila.

Bahagi ng tungkulin ng mga sundalong Amerikano na nakadestino sa mga bilangguang ito ang pagtortyur sa mga bilanggo upang makapiga ng mahahalagang impormasyon. Binigyang-laya sila ng nakatataas na upisyal na "gawin ang anumang nararapat" habang nagbubulag-bulagan sa mga kahayupang ipinapataw sa mga bilanggo. Ang mga bilanggo ay paulit-ulit na sinusuntok, sinisipa, sinasampal, pwersahanh tinuturukan ng droga, pinagkakaitan ng tulog, tinututukan ng baril at sinasakluban sa ulo. Bahagi rin ng tortyur ang malakas na pagpapatugtug, matagalang pagpapaiskwat sa mga bilanggo at pagkandado sa kanila nang hubad sa mga selda.

Masahol pa, walang kaparanganang isiniwalat ng mga sundalo ang kanilang kahayupan. Mismong ang mga sundalong ito ang naglagay ng mga larawan sa *internet* upang maghambog sa kanilang mga kaibigan at kamag-anak.

Nariyan ang mga larawan ng



isang bagong-dakip na Iraqi na tinatadyakan ng isang sundalong Amerikano at pinaiihian pa sa iba. Sinakluban sa ulo, pinaghubbud at pinagpatung-patong ala-*pyramid* ang isa pang grupo ng mga bilangong Iraqi. May mga larawan ding nagpapakitang inuupuan ng ilang tropa ng US Navy SEALS ang mga hubad at pinagmaskarang bilangong Iraqi, kinukulata ng baril ang duguang ulo at umaapak nang nakabota sa dibdib ng mga ito. Nalantad sa mga bidyo ang sekswal na pang-aabuso sa buu-buong mga grupo at pag-utos sa isang babaeng bilanggo na ipakita ang kanyang dibdib.

Kahindik-hindik ang iba pang detalyeng lumabas sa sinumpaang mga salaysay ng iba pang sundalo. Madalas, pinapasakan ng nakasinding sigarilyo ang tainga ng mga bilanggo. Itinatali sila sa poste, binabaril ng mga balang goma at ibinibilad sa araw hanggang himatayin. Ayon sa mga ulat na nakalap

ng American Civil Liberties Union, kinakadenahan ang mga paa't kamay at pinababaluktot ang mga bilanggo nang mula 18 hanggang 24 oras. May mga pagkakataong nirindi sila ng napakalakas na tug-tog at sinisilaw ng puting ilaw. Nasaksihan ng isang ahente ng Federal Bureau of Investigation ang pagsakal, paglatigo at pagkulong ng mga bilanggo sa magiginaw na selda. Kinuryente naman ng isang US Marine ang isang bilanggo gamit ang kurdon ng *electric transformer*.

Tuwirang nilalapastangan ang pananampalatayang Islam para ibayong hiyain at pahirapan ang mga bilanggo. Ayon sa mga testimonya, habang naghahalakhakan at sumisipol, pinwersa ng mga sundalo ang isang bilanggong Muslim na kumain ng karneng baboy, uminom ng alak at magpasalamat kay Hesukristo na siya'y buhay pa. Itinatapon ang Koran (banal na libro ng mga Muslim) ng mga bilanggo sa kubeta at pinipilit silang talikuran ang kanilang pananampalataya. Pinasimunuan pa ng isang heneral ang pagpapaahit ng mga balbas (na ipinagbabawal sa isang sekta ng mga Muslim). Ang bandila ng Israel, simbolo ng mga Hudyo, ay ibinabalot sa katawan ng mga bilanggo.

Kinumpirma rin ng International Committee of the Red Cross na sadyang gumagamit ang US Military ng sikolohikal at pisikal na tortyur sa mga bilanggo nito sa iba't ibang lugar. Sa tindi ng tortyur, madalas na napwersa ang mga bilanggo na umamin sa mga bintang sa kanila (na kadalasa'y tungkol sa pagkasangkot nila umano sa al Qaeda) kahit sila ay inosente. Marumi sa mga inabusong bilanggo ay namatay.

Sa tangkang ipagkailang sistematiko ang pagmamaltrato sa mga sibilyan at bilanggo, naghuhugas-

## Pasistang kontratista

**B**ukod sa US Armed Forces, laganap na kinakasangkapan ng imperyalismong US sa mga "kontra-teroristang" operasyon nito ang may 20,000 *military contractor* sa Iraq. Kadalasan, ang mga ito'y mga dating heneral at kawal na inuupahan ng gubyerno ng US at sinusuwelduhan ng hanggang \$200,000 upang gawin ang mga kaparaanang kung tutuusin ay bawal sa balangkas ng militar gaya ng tortyur at pagpatay sa mga bihag.

Si Jonathan Keith Idema, halimbawa, ay isang dating myembro ng Special Forces. Ang kanilang mga ginagawa, aniya, ay koordinando sa CIA at suportado ng matataas na upisyal ng US. Noong Hulyo 5, 2004, pinasok ng mga pulis na Afghan ang isang pribadong bilangguang pinatatakbo niya. Doon, natagpuan ang tatlong lalaking nakabitin mula sa kisame samantalang lima pa ang bugbog at nakagapos sa loob ng isang madilim at maliit na kwarto.

Dati ring sundalo ng Special Forces si David A. Passaro. Inutusan siya ng gubyernong US na kunan ng impormasyon si Abdul Wali, inakusahang terorista sa Afghanistan. Nang igiit ni Wali na wala siyang alam, binugbog siya ni Passaro gamit ang mabigat na *metal flashlight* hanggang sa siya'y matatay.

Nitong mga nagdaang taon, nasangkot ang mga kontraktor sa samutsaring kaso ng pang-aabuso—mula sa mga paglapastangan rasista gaya ng sa Croatia hanggang sa *sex trafficking* sa Bosnia. Bagaman nahaharap ngayon sa mga kasong kriminal sina Idema at Passaro, walang pumipigil sa imperyalistang gubyerno na umupa ng libu-libo pang kapalit nila. AB

kamay ang gubyernong Bush at ibinibintang ang mga krimen sa maliit na grupo ng mga sundalo. Nabura na sa mga ulat ang pangalan ng mga heneral at iba pang upisyal na sangkot sa mga kaso. Ang *camp commander* ng Camp Xray, si Maj. Gen. Geoffrey Miller, ay hindi naparusahan at sa halip ay tahimik lamang na inilipat ng tungkulin.

Bago pa man naisiwalat ang mga kaso ng pang-aabuso, lihim na itinatag ni Bush ang isang iligal na pangkat ng mga espesyal na operatiba. Tungkulin nito na dakpin o patayin ang mga matutukoy na myembro ng al Qaeda saanmang dako ng mundo. Hindi ito sumusunod sa mga internasyunal na batas. Kabilang sa "special-access programme" na ito ang pagtatayo ng mga lihim na sentro ng interoga-

syon kung saan pinahihintulutan ang malupit na pagtrato sa mga bilanggo.

**I**sa sa pinakahuling paraan upang mawdersahang paluhurin ang mamayang Iraqi ang paglusob at pagwasak ng mga tropang US sa Falluja, balwarte ng mga mandirigmang Iraqi. Sa tinaguriang ikalawang "shock and awe attack" (nakabibigla at nakasisindak na pananalakay), tinatayang may 6,000 patay, libu-libong sugatan at mahigit 250,000 mamayang sapilitang pinalikas sa madugong pagsalakay ng mga imperyalistang tropa rito. Sapilitang hinalughog ng US Armed Forces ang mga bahay at karakarakang dinakip ang kalalakihan. Winasak ang mga palengke, ospital, moske, kalsada at mga imprestruktura ng impormasyon at

komunikasyon. Tinarget ang mga pangunahing pinagkukunan ng tubig at kuryente. Tinangkang magkaroon ng *media blackout* upang ilihim sa daigdig ang karumal-dumal na operasyon sa Fallujah.

Ginamit ang halos buong arsenal ng US kabilang ang mga F-16, C-130, mga Abrams *tank* at Apache *helicopter*. Binaril ang mga ambulansya, at maging mga bata'y tinarget ng mga Amerikanong isnayper. Inamin din ng Pentagon ang paggamit ng *napalm* (isang kemikal na

panunog) laban sa buu-buong mga komunidad.

**"K**almado at buo ang loob ng mga sundalo habang pinupuksa nila ang buhay ng mamamayan," ulat ng isang saksing peryodista. Sa isang insidente, hindi kumukurap ang mga sundalo habang pinapuputukan ang isang bikti-mang sugatan na at namimilipit sa lupa.

Ilampung libo na ang nilipol ng imperyalismong US sa sakim at Iraqi.

desperadong digma nito. Di iilan sa mga sundalo ng US ang nade-moralisa, nawalan ng katinuan ng isip o naghanap ng paraan upang tumakas mula sa brutal na imperyalistang misyong manghimasok, manligalig at pumatay. Dumarami ang nagpapasyang iwan ang pagkasundalo. Samantala, ang imperyalistang hukbong sandatahan ay nahaharap sa makatarungan, lumawak at umiigting na pagnganganit at pakikibaka ng mamamayang AB


## Paghahanap ng WMD sa Iraq, itinigil na ng US

**I**tinigil na ng US ang halos dalawang taong bigong paghanap ng *weapons of mass destruction* (WMD) sa Iraq. Bumalik na sa US ang mga myembro ng Iraq Survey Group (ISG), kabilang si Charles A. Duelfer, pinuno ng grupo. Ang Iraq Survey Group na binubuo ng 1,700 tauhan, ang itinataga ng US noong Mayo 2003 upang maghanap ng WMD sa Iraq.

Ang pagtigil sa paghanap ng mga WMD ay patunay ng kahungkagan ng dahan-hanap na ng US sa panggegera at pananakop nito sa Iraq. Pinatutunayan nito na ang datos paniktik diumano ng US na gumagawa at nag-iimbak ng *nuclear, chemical* at *biological weapons* si Saddam Hussein ay sangkalan lamang para dambungin ang yamang langis ng Iraq.

Sa kabilang ng kabi-guan nitong makakita ng anumang WMD sa Iraq, nagsamatigas pa rin si Bush na wasto ang pananakop ng US sa bansa.

Oktubre ng nakaraang taon nang maglabas ng report si Duelfer na nagsasabing walang WMD ang Iraq nang ilunsad ng US ang pambomboma sa bansa noong Marso 2003. Noon namang Enero 2004, nagbitiw ang unang pinuno ng ISG na si David Kay kasabay ng pagdedeklara na walang WMD sa Iraq.



AB

## Karamihan sa mga Amerikano, tutol sa gerang agresyon sa Iraq

**T**utol ang karamihang Amerikano ngayon sa inilulunsad na gerang agresyon ng US laban sa Iraq. Ito ang opinyong nakasaad sa dalawang magkahiwalay na sarbey na inilathala nitong Enero 18. Kabaligtaran ito sa paniniwala ni Pres. George W. Bush na ang muling paghalal sa kanya bilang pangulo ng US ay pagpapakita ng suporta ng mga Amerikano sa gera sa Iraq.

Ipinapakita sa sarbey ng *Washington Post/ABC News* na 55% ng mga Amerikano ang naniniwalang mali ang paglulunsad ng gera laban sa Iraq samantalang 44% ang nag-aaprubra nito. Limampu't limang porsyento (55%) ng mga Amerikano ang hindi naniniwala na magiging istable na ang gubyerno sa Iraq pagkatapos ng eleksyon. Halos ganito rin ang sarbey ng *USA Today/CNN/Gallup* kung saan 52% ng mga Amerikano ang hindi pabor sa pagpapadala ng mga mapanakop na tropa sa Iraq.

Samantala, inulan ng batikos ang maluhong inagurasyon ni Bush nitong Enero 20. Aabot sa \$60 milyon ang gastos para sa siyam na selebrasyon. Dalawampung milyong dolyar (\$20 milyon) dito ay para tiyakin ang seguridad sa White House. Aabot sa 6,000 unipormado at di-unipormadong pulis at 2,500 sundalo ang ipinakat sa Washington D.C. dahil sa laki ng bilang ng mga demonstrador na tutol kay Bush.

AB



## Ilang tampok na taktikal na opensiba sa Mindanao

**S**a harap ng tumitinding krisis sa bansa, patuloy na lumalakas ang armadong rebolusyon sa Mindanao.

Aabot sa 60 ang mga nailunsad na taktikal na opensiba sa nakaraang taon. Mula sa mga ito, mahigit 150 malalakas na baril ang nasamsam ng BHB. Sa rehiyon ng Southern Mindanao, aabot sa 57 ang patay sa mga tropa ng kaaway at 54 ang sugatan. Sa rehiyon ng Northeastern Mindanao, 41 ang patay sa kaaway at isa ang sugatan.

Sa kabilang banda, nalagasan ng ilang cadre at kasa-ama ang BHB bunga ng malulupit na atake ng kaaway. Kabilang dito ang dalawang rehiyunal na kumander at ilang antas-kumpanya at -platoon na mga upisyal militar at giyang pampolitika. Pinararangalan ng buong rebolusyonaryong kilusan ang kanilang pag-aalay ng buhay.

Ilan sa mga tampok na tagumpay sa armadong pakikibaka ang sumusunod:

**Enero.** Reyd sa Highway Patrol sa Antongalon, Butuan City.

**Pebrero.** Pag-agaw sa inisyatiba sa atake ng kaaway sa Tambacan, South Cotabato.

**Marso.** Engkwentro sa 27th IB sa Danlag, Tampakan, South Cotabato. Reyd sa Marsmann Detachment, Maco, Compostela Valley. Ambus sa Mahanog, Gigaquit, Surigao del Norte. Ambus sa 25th IB sa Kidlawan, Magsaysay, Davao del Sur.

**Abril.** Reyd sa detatsment sa Nabunturan, Compostela Valley. Pagdis-arma sa Anislagan, Tagbina, Surigao del Sur; Tambulig, Zamboanga del Sur; Loreto, Agusan del Sur. Ambus sa *convoy* ng 25th IB sa Malapatan, Sarangani Province.

**Mayo.** Ambus sa Leon Postigo, Zamboanga del Norte. Ambus sa Concepcion, Misamis Occidental.

**Hunyo.** Reyd sa istasyon ng PNP sa Bayugan, Agusan del Sur. Reyd sa munisipyo ng New Corella, Davao del Norte.

**Hulyo.** Pagdis-arma sa Philippine Navy sa Bulawanon, Rosario, Agusan del Sur.

**Agosto.** Ambus sa Guinabsan, Buenavista, Agusan del Norte.

**Setyembre.** Pagligtas kay Ka Jovan, isang bilanggong pulitikal, sa Nabunturan, Compostela Valley.


**Disyembre.** Ambus sa Salaysayan, Nasipit, Agusan del Norte.

(Halaw sa ulat ng NDF-Mindanao Information Bureau)

## Walang awat na pamamaslang sa Davao City, kinundena ng BAYAN

MARIING kinundena ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN)-Southern Mindanao ang walang awat na pamamaslang sa Davao City. Umaabot na sa 22 katao ang biktima ng pananalbeyds sa syudad sa loob ng 15 araw.

Pinakahulung mga biktima ng mga nakabisikletang vigilante sina Albert Canedo at Jun Rey Reducto, parehong kasapi ng Anakbayan. Ang dalawang kabataan ay walang kriminal na rekord sa kanilang komunidad.



May palagay ang BAYAN na ang nagpapatuloy na pananalbeyds na ito ay pagkukundisyon sa isipan ng mamamayan na maging katanggap-tanggap ang ekstrahudisyal na pagpatay sa mga nagtutulak ng droga at maliliit na kriminal. Nagpahayag ng pangamba ang BAYAN na sa pagkakaspaslang kina Canedo at Reducto, pananalbeyds ang magiging paraan para likidahin ang mga lider at kasapi ng mga progresibong organisasyon.

Binatikos din ng BAYAN ang kawalang-silbi ng Philippine National Police, Task Force Davao (TFD) at Armed Forces of the Philippines dahil hanggang sa kasalukuyan ay wala pa itong nadarakip sa mga salarin.

## Inagurasyon ni Abbas, idinaos

NANUMPA si Mahmoud "Abu Mazen" Abbas bilang presidente ng Palestinian Authority nitong Enero 15 sa West Bank. Ang panunumpa ay kagyat na isinagawa matapos manalo si Abbas sa eleksyon idinaos nitong Enero 9 upang palitan ang yumaong si Yasser Arafat.

Si Abbas, na pumalit din kay Arafat bilang tagapangulo ng Palestinian Liberation Organization ay nagkamit ng 62% ng mga boto.

Isang araw bago ang inagurasyon ni Abbas, pinutol ni Ariel Sharon, *prime minister* ng Israel, ang ugnay kay Abbas at sa Palestinian Authority dahil umano sa mga pang-aatake ng mga grupong Palestinian. Ito ay sa kabilang panawagan ni Abbas para sa pagpapatuloy ng usapan sa pagitan ng magkatunggaling bansa para resolbahan ang kaguluhan.